**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
******************************************************************************************************

# AMANG

ni: **ROSELLE M. TEMPLONUEVO**

Kabisado ng aking mga munting braso
ang bilugang tyan ni Amang
sa mga umagang magigising ako
at siya'y nahihimbing pa rin

Kung ito ma'y hindi mahanap ng aking mga bisig
Alam kong maaga na niyang nilulan
Kasama ang mga lambat ng kaniyang pananalig
Upang doon, muna manatili,
Kapiling ng bangkang mas pinatitibay ng mga katig

Kaylanma'y hindi ako nasiyahan
sa umagang kumot ang yakap-yakap ko,
tuwing pilit na tumatagos ang lamig
na tila'y ipinalalala ang mga pangangamba sa laot

Mapapawi lamang ito
nang pag-uwi ni Amang,
Hatid ng mga mga along nagbabadya
kasama ang sagot sa aming mga dalangin
sa ibabaw ng mesa

******************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
******************************************************************************************************

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

***************************************************************************************************

Marahil ay masisiyahan muli ang aking mga bisig
sa mga susunod na araw
Kahit na alam na alam ko ring sa mga umagang katulad nito
ay kapalit ang mga dalanging hindi muna mapakikinggan

Naging kakaiba ang araw na ito
Sigurado akong hindi ko dapat nahahaplos ang tiyan ni Amang
Maaga pang dapat nasa laot na ang bangka
ngunit ramdam ko pa rin ang malakas niyang paghinga

Hanggang sa naging araw-araw na ito,
Na noong akala ko'y bagyo lamang ang makakapagpapauwi kay Amang
Akala ko'y bagyo lang rin ang makasisira sa aming mga sikmura
Nang biglang ang isla'y naging laot ng pangamba at pagkabahala,
Dulot ng pandemyang, walang nakaaalam kung sino ang nag-anyaya

Ani Amang,
"Bangka ang aking isla sa laot, na tulad sa peste ngayon,
ay inihihiwalay ako sa walang kasiguraduhan,
Ngunit nasa lalim nito ang aking ikinabubuhay
kung kaya't pipiliin ko pa ring suungin, hanggat kaya pa,
Mag-iingat, ibubuwis ang buhay,
dahil ito lamang ang alam kong paraan upang kayo'y guminhawa"

***************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

***************************************************************************************************